Tiniyak ng Bureau of Customs (BOC) na hahabulin ang lahat ng mga car dealer na responsable sa pagpasok ng mga luxury car na pag-aari ng pamilya Discaya, na nakikitaan ngayon ng mga kadudang record. Ayon kay BOC Asst. Commissioner Jet Maronilla, sa gumugulong na imbestigasyon ay hindi makakaligtas ang mga dealer na posibleng nakinabang sa mga maanomalyang car deals. Sa katunayan aniya, isa sa mga pangunahing layunin ng paghahain ng letter of authority (LOA) at search warrant sa property ng pamilya ay ang matunton din kung sinong mga dealer at importer ang nagpasok sa mga sasakyan dito sa bansa. Maliban sa pag-freeze sa mga naturang ari-arian, nais din ng BOC na makapaghain ng kaso laban sa mga dealer kung mapapatunayang may pananagutan ang mga ito, tulad ng hindi pagsunod sa Customs regulations ng bansa. Tutukuyin aniya sa kanilang imbestigasyon kung ang mga naturang sasakyan ay nabili sa pamamagitan ng regular order, special order, atbpang paraan, hanggang sa pagbibiyah sa mga ito, papasok sa Pilipinas. Ayon kay Maronilla, aaralin ng mga BOC personnel ang lahat ng dokumento ng mga naturang sasakyan, tulad ng purchase order, ownership record, atbp. Sa inisyal na pagsusuri ng BOC, ang ilan sa mga luxury car ay nakapangalan sa mag-asawang Discaya habang ang iba ay nakapangalan sa kumpaniya.

DOST, naniniwalang kailangan ng science-based approach sa pagpapalano ng flood control programs

Naniniwala si Department of Science and Technology (DOST) Secretary Renato Solidum Jr. na mapangasiwaan ang mga pagbaha sa Metro Manila sa pamamagitan ng siyensiya para planuhin at ipatupad ang mga programa para sa flood control.

Ayon kay DOST Sec. Renato Solidum Jr. kailangan ng isang integrated water resource management program sa pagpapatupad ng inisyatiba sa pagkontrol ng baha.

Makakapagbigay aniya ito ng mga interbensiyon para sa partikular na ilog o sub-river basins, na mangailangan ng mga pag-aaral para masuri ang mga daluyan ng tubig at ang banta kaugnay sa konstruksiyon ng proyekto sa naturang mga lugar.

Sinabi naman ng kalihim na tutulong ang ahensiya para matiyak na maplano ito ng

mabuti at magamit ang mga datos sa pagpapalano.

Kabilang sa maaari aniya ang ibigay ng ahensiya ay ang digital elevation models at forecasting tools para masuri ang kapasidad ng mga

P20/kilo rice, mabibili na rin ng mga tsuper sa ilang lugar simula Setyembre 16

Inanunsyo ni Department of Agriculture (DA) Sec Francisco Tiu Laurel Jr. na isasama na rin ang mga tsupert ng dyip at tricycle sa programang P20 kada kilo na bigas simula Setyembre 16. Ipatupad ito sa limang pilot areas, kabilang ang Lungsod ng Navotas kung saan may mahigit 4,000 na rehistradong drayber. Naki-kipag-ugnayan na ang DA sa Department of Transportation para sa paggamit ng database ng mga lehitimong drayber ng pampublikong transportasyon. Una na ngang inilunsad

kailugan at drainage systems sa pagsalo ng mataas na bulto ng tubig-ulan dulot ng pagbabago ng klima at mabilis na urbanization.

Inirekomenda din ni Solidum ang pagsasama ng

ang programa para sa mga solo parent, senior citizen, 4Ps beneficiaries, at persons with disabilities. Pinalawak ito kalaunan upang maisama ang mga minimum wage earners, magsasaka ng palay, at mga mangingisda. Kasama na rin sa makikinabang ang mga benepisyaryo ng Walang Gutom program ng DSWD at mga low-income employees ng Department of Education. Maaaring bumili ng hanggang 10 kilo ng bigas kada buwan ang mga kwalipikadong benepisyaryo, gamit

flood control initiatives sa Geographic Information System map, para mas mabilis na masuri kung epektibong na-integrate ang panukalang mga poyekto sa kapaligiran at kasalukuyang mga istruktura.

ang valid ID o QR code. Inihiyag din ng kalihim na ilunsad ang P20 App sa Oktubre 1 para mapadali ang distribusyon at matiyak ang transparency ng programa. Tiniyak din ng kalihim na may sapat na suplay, kasabay ng planong pagbebenta ng 1.2 milyong sako ng bigas ng National Food Authority sa susunod na buwan.



Republic of the Philippines
REGIONAL TRIAL COURT
National Capital Judicial Region
Manila
Branch 37
Rms. 426-427, 4th Flr. Manila City Hall
Tel. No. (02) 8354-2141
email add: rtc1mnl037@judiciary.gov.ph

CHRISNA LUZ CARILLO OKUBO,
Petitioner,

Case No. R-MNL-25-05911-SP

-versus-

HIROYUKI OKUBO, CITY CIVIL REGISTRY
OF MANILA, AND PHILIPPINE STATISTICS
AUTHORITY,

Respondents.

x-----x

ORDER

In a verified petition for Judicial Recognition of Foreign Decree of Divorce, petitioner prays, inter alia, that after due notice and hearing, an Order be rendered recognizing the divorce decree obtained by the petitioner granted by the country of Japan and to issue an order directing the public respondent City Civil Registry of Manila to annotate the decree of divorce in the parties' certificate of marriage and to correct the petitioner's marital status as "Divorce" in accordance with Section 1 of Act No. 3753 or An Act to Establish a Civil Register.

The petition is set for hearing on October 16, 2025 at 8:30 in the morning before this Court sitting at Rooms 426-427, Fourth Floor, Manila City Hall. All interested parties are hereby notified of the said hearing and to show cause why the petition should not be granted.

Let a copy of this Order be published at the expense of the petitioner, once a week for three (3) consecutive weeks, in a newspaper of general circulation in the City of Manila, to be selected by raffle pursuant to P.D. No. 1079 and another to be posted at the bulletin board of RTC-Manila.

Furnish the Office of the Solicitor General, Civil Registrar of the City of Manila, Philippine Statistics Authority and Hiroyuki Okubo with copy of this Order and petition.

SO ORDERED.

Manila, August 11, 2025.

(SIGNED)
VIRGILIO V. MACARAIG
Presiding Judge

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 01, 08 & 15, 2025

REPUBLIC OF PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
BRANCH 102- QUEZON CITY

IN RE: PETITION FOR ISSUANCE
OF LETTERS OF ADMINISTRATION
OF THE ESTATE OF CESAR A. CALIWARA

SP. PROC. NO. Q-89-4005

LEONILA YSRAEL CALIWARA,
Petitioner.

x-----x

IN RE: PETITION FOR ISSUANCE
OF ADMINISTRATION OF THE ESTATE
OF LEONILA YSRAEL CALIWARA

SP. PROC. NO. Q-93-17123

ELIZABETH CALIWARA-PAMINTUAN,
Petitioner.

x-----x

DECISION

To: ELIZABETH CALIWARA-PAMINTUAN

(1) The houses and lot located at No. 7 General Lim Street, Quezon City, Metro Manila, covered by Transfer Certificate of Title No. 65719 of the Register of Deeds of Quezon City, Metro Manila.

(2) The house and lot located at Poblacion Mauban, Quezon, covered by Transfer Certificate of Title No. 64995 of the Register of Deeds of Quezon Province

(3) All other properties, whether real or personal, still belonging to the estate of the Decedents and located in the Municipality of Mauban, Quezon and Lucena City, or its environs.

(4) All ladies jewelry wherever they may be found, belonging to the estate of either decedent. All unset stones and gems shall be adjudicated to Elizabeth but if there are six pieces or more of such stones or gems, she shall choose three to be given to Oscar.

Wherefore, finding the above Agreement to the Settlement of Estate to be in order, not being contrary to law, morals and/or public policy, the Court hereby approves the same and renders judgment in accordance with the terms thereof. The parties are enjoined to comply strictly with the terms and conditions of said Agreement to the Settlement of Estate.

SO ORDERED.

Done in Quezon City, this 7th day of February, 2002.

(SIGNED)
JAIME N. SALAZAR, JR.
Pairing Judge

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
BRANCH 102, QUEZON CITY

IN RE: PETITION FOR ISSUANCE
OF LETTERS OF ADMINISTRATION
OF THE ESTATE OF CESAR A. CALIWARA

SP. PROC. NO. Q-89-4005

LEONILA YSRAEL CALIWARA,
Petitioner.

x-----x

IN RE PETITION FOR ISSUANCE
OF ADMINISTRATION OF THE ESTATE
OF LEONILA YSRAEL CALIWARA

SP. PROC. NO. Q-93-17123

ELIZABETH CALIWARA-PAMINTUAN,
Petitioner.

x-----x

CERTIFICATE OF FINALITY

This is to certify that the Decision in the above-entitled case rendered by Hon. Jaime N. Salazar, Jr. dated February 7, 2002 is already final and executory.

This certification is being issued upon the request of Mr. Rito A. Negado of Metropolitan Bank and Trust Co., for whatever legal purpose it may serve.

SO ORDERED.

Done in Quezon City, this 10th day of April, 2002.

(SIGNED)
ATTY. ELENITA N.E. MACATANGAY
Branch Clerk of Court

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 01, 08, & 15, 2025

Lovi Poe masayang inanunsiyo ang pagbubuntis



Inanunsiyo ng actres na si Lovi Poe na ito ay buntis mula sa asawang film producer na si Monty Blencowe.

Isinabay ang actres ang anunsiyo sa endorsement niya ng isang local clothing brand.

Ang masayang balita ay kasunod ng pagdiriwang ng dalawa na kanilang ika-dalawang taong anibersaryo ng kanilang pag-iisang dibdib noong Agosto.

Noong Agosto 8, 2023 ng ikinasal ang dalawa sa isang civil ceremony na dinaluhan ng mga malapit na kaibigan at kaanak na sinundan ng church wedding sa makasaysayang Cliveden House sa United Kingdom noong Agosto 26, 2023.

Bumuhos naman ng pagbati mula sa mga fans at kapwa artista matapos na mabalitaan ang magandang balita.

Christine Reyes may private lovelife na ngayon

Kinumpirma ni Christine Reyes na mayroon na siyang mayroong nanliligaw sa kaniya na isang non-showbiz personality.

Ayon sa actres na masaya ito ngayon at mas pribado na.

Hindi naman na ito nagbigay ng anumang detalye sa bagong karelasyon niya.

Naging maayos naman aniya ang ginawang pakikipaghiwalay niya sa actor na si Marco Gumabao.



Dagdag pa nito na malaki pa rin ang respeto nila sa isa't-isa matapos ang kanilang hiwalayan.

Magkakapatid mula sa Scotland nagtala ng record sa paglalayag sa Pacific Ocean



Nagtala ng record ang magkakapatid mula Scotland matapos na makumpleto ang walang tigil na paglalayag lulan ang isang bangka sa Pacific Ocean. Nagawa ng tatlong magkakapatid ang paglalayag sa pinakamalaking karagatan sa loob ng 139 na araw.

Sina Ewan, Jamie at Lachlan Maclean ay naglay-

ag ng 9,000 milya mula Peru hanggang Australia.

Sila ang unang koponan na nagtala ng record mula South America.

Naka-survive sila sa pagkain ng mga isdang nahuhuli sa dagat at baon nilang freeze-dried meals. Lulan sila ng FI-inspired na carbon fiber boat.

'Kisapmata' director Mike De Leon pumanaw na, 78



Pumanaw na si Pinoy film director Mike De Leon sa edad 78.

Kinumpirma ito ng Carlotta Films kung saan nakausap nila ang mga kaanak ni De Leon.

Hindi naman na sila nagbigay pa ng anumang detalye ng kamatayan ng direktor.

Ilan sa mga pinasikat na gawa nito ay ang pelikulang "Kisapmata", "Batch '81", "Sister Stella L" at maraming iba pa.

Nagpaabot naman ng pakikiramay ang Film Development Council of the Philippines (FDCP) matapos malaman ang pagkakasawi ng kilalang direktor.

Chloë Grace Moretz ties the knot with longtime girlfriend Kate Harrison

In an interview with the magazine, Chloë shared that their wedding celebration was designed to reflect their shared passions.

"A big part of the wedding [is about] sharing things that Kate and I love with everyone that's going to be there. So there's fishing, horseback riding, and poker," Chloë relayed.

She went on: "Kate made a custom poker mat herself, so we're going to kind of be leaning into it. Our second day is going to be line dancing and everything."

Chloë expressed her excitement about this new chapter in their relationship, saying: "I think what I'm most looking forward to about getting married is just being together. We've been together for almost seven years and making this promise to each other in a new way, and exchanging these vows. I think it's important to just stay every day choosing each other."

The couple wore wedding dresses designed by Louis Vuitton during their union.

On her Instagram page, Chloë extended her gratitude to the team behind her and Kate's outfits during the wedding.


"Words can't begin to

Gabbi Garcia, may pasaring sa mga sangkot sa 'ghost' projects: 'Rich in life with hard-earned money!'

Habang mainit pa rin ang usapin ukol sa umano'y "ghost" flood control projects, may makahulugang post ang actres na si Gabbi Garcia sa kanyang Instagram.

Sa isang post ibinahagi ni Gabbi ang throwback travel video at nilagyan ng caption na tila flex pero may pasaring: "Rich in life 'cause I can travel the world [and] live my best days with my own hard-earned money."

Dagdag pa niya, "Amen, yes to hard-earned money and self-made queens."



express how this feels. Thank you @nicholasghesquire @louisvuitton. Your generosity, artistry, dedication and kindness knows no bounds. We feel so incredibly grateful. Thank you doesn't even begin to cut it, but, thank you. Your vision made our day all the more meaningful," she posted.

Chloë and Kate's relationship started in 2018. They announced their engagement on New Year's Day this year.

"Happiest New Year so thankful for what this year has brought. The people, the places, our families, our health, our love. Wishing all of you a peaceful start to this new year," she posted at that time, sharing a photo of their engagement rings.

Chloë started her career in the entertainment industry as a child star starring in the horror film The Amityville Horror, the drama series Desperate Housewives, and the horror film The Eye, among others.

She achieved her breakthrough in 2010 with her iconic role as Hit-Girl in the superhero film Kick-Ass.

The actress recently starred in the film Mother/Android and the series The Peripheral.



Hollywood actress Chloë Grace Moretz has tied the knot with her girlfriend, model and photographer Kate Harrison. According to Vogue, the couple got married over the Labor Day weekend in the US.



British singer Jessie J kinansela ang mga show dahil sa nalalapit na operasyon

Kinansela ng British singer na si Jessie J ang mga nalalapit na show niya.

Sa social media account nito ay nagpost siya ng video kung saan sasailalim muli siya sa isang operasyon.

Ang nasabing operasyon ay kasunod ng ma-diagnosed siya na may breast cancer.

Mahalaga na mangyari ang operasyon bago matapos ang taon kaya nagpasya itong kanselahin ang mga show na masasagasaan sa nasabing mga petsa.

Kasama dito ang mga

show niya na gaganapin sa United Kingdom, Europe at United States.

Una ng inanunsiyo ng 37-anyos na singer o Jessica Ellen Cornish noong Hunyo na siya ay na-diagnosed ng "early breast cancer".

Matapos ang ilang linggo sumailalim siya ng operasyon kung saan noong Hulyo ay sinabi niyang gumaling na at hindi na kumalat ang cancer.

Hindi naman na binanggit nito ang proseso na gagawin sa ikalawang operasyon.

BTS member at actress Song Da-eun inamin ang relasyon noon

Kinumpirma ng BTS member na si Jimin na naka-relasyon niya noon ang Korean actress na si Song Da-eun. Ayon sa agency ng Kpop group na BigHit na naging malalim at lubos na pagmamahal ang relasyon ng dalawa noon.

Pagkatapos ng ilang taon na relasyon ay hiwalay na ang dalawa.

Naging usap-usapan ang relasyon ng dalawa ng mag-upload ng video ang actress kasama ang singer.

Minabuti ng dalawa na maging tahimik na lamang at ayaw nilang mag-komento sa bawat isa.



Ellen Adarna, naglabas ng mga cryptic post; ugnayan kay Derek Ramsay, usap-usapan

Usap-usapan ngayon sa social media ang estado ng relasyon nina Ellen Adarna at Derek Ramsay matapos ang cryptic posts ni Ellen ng ilang makahulugang mensahe sa Instagram.

Isa sa kanyang mga post ay tumatalakay sa hirap ng mga babaeng dumaraan sa postpartum at kung paa-no sila minsang tinatawag na "crazy" o baliw, na ikikonekta ng mga netizen sa mga tsismis ng hiwalayan.

Nagbahagi rin si Ellen ng

quote na nagsasabing, "You can't destroy the mother of your children and then tell me you're a good father," na lalo pang nagpasiklab sa mga espekulasyon.

Sa kabila nito, agad pinabulaanan ni Derek ang mga tsismis sa pamamagitan ng Instagram Story, kung saan sinabi niyang, "Showbizlife stop spreading lies about my family. Lily is my daughter and Ellen is a loyal wife!"

Bagama't kapwa nananatiling tahimik ang

dalawa tungkol sa tunay na estado ng kanilang relasyon, patuloy ang espekulasyon ng publiko lalo na't kamakailan lang ay bumiyahang mag-isa si Derek patungong Bali para sa isang self-improvement retreat.

Hanggang ngayon, wala pang kumpirmasyon mula sa mag-asawa kung may pinagdadaanan nga ba sila.

ADVERTISE WITH US!



"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"

Taytay RTW Base

Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay
San Jose, Tarlac, Philippines
Contact No. # 09460277182

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 08 - 14, 2025



#308 Barangka Drive in front of Bonifacio
Javier National High School, Mandaluyong City
Contact : Juliana Diesta # 09052264801
krusty.ebox@gmail.com

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 08 - 14, 2025



FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 08 - 14, 2025

Libu-libo dumalo sa libing ng 12 Houthi leaders na napatay sa Israeli strike sa Yemen

Ayon sa ulat, tinarget ng Israel ang isang pagtitipon kung saan nanonood ng talumpati ni Houthi leader Abdul Malik al-Houthi ang mga opisyal kung saan karamihan sa mga miyembro ng gabinete ng grupong Houthi ay nasawi.

'God is Great, Death to America, Death to Israel, Curse on the Jews, Victory to Islam', sigaw ng mga dumalo sa libing ng mga opisyal.

Tiniyak naman ng pansamantalang lider ng Houthi-led government na si Mohammed Miftah na maghihiganti sila at magsasagawa ng crackdown laban sa mga espiya.

'We are facing the strongest intelligence empire in the world, the one that targeted

the government - the whole Zionist entity (comprising) the U.S. administration, the Zionist entity, the Zionist Arabs and the spies inside Yemen,' pahayag ni Miftah.

Samantala, kinondena naman ng United Nations ang pag-atake ng mga Houthi sa kanilang opisina sa Sanaa, Yemen kung saan hindi bababa sa 11 UN personnel ang dinakip.

Una rito, kabilang sa mga tinarget ng Israel ang chief of staff, defense minister, at iba pang opisyal, ngunit nananatiling hindi pa malinaw ang kalagayan ni Defense Minister Mohamed al-Atifi.

Trump gagawaran ng pinakamataas na civilian honor si dating NYC mayor Rudy Giuliani



Inanunsiyo ni US President Donald Trump na gagawaran niya ng Presidential Medal of Freedom si dating New York City Mayor Rudy Giuliani.

Isinagawa nito ang anunsiyo ilang araw matapos na masangkot sa aksidente ang sasakyan ni Giuliani.

Tinawag pa ni Trump ang mahigpit na kaalyado bilang pinakamagaling na alkalde sa kasaysayan ng New York City at isang Great American Patriot.

Kasalukuyang nagpapagaling ang dating alkalde sa pagamutan matapos ang kinasangkutan aksidente.



Libu-libong mga mamamayan ng Houthi ang dumalo sa libing ng 12 matataas na opisyal ng Houthi group, kabilang ang kanilang prime minister, matapos masawi sa pambobomba ng Israel noong nakaraang linggo.

1-K katao, nasawi sa landslide sa Sudan

Kumitil na ng 1,000 katao ang naitalang landslide sa Marra Mountains sa western Sudan ayon sa kumpirmasyon ng rebeldeng grupo na The Sudan Liberation Movement/ Army.

Ito ay bunsod ng ilang araw na mabibigat na mga pagulang nagresulta ng mga pagguho ng lupa noong Linggo na nag-iwan ng nag-iisang survivor at karamihan naitala sa village ng Tarasin.


Kaugnay nito, umapela na ang grupo para sa humanitarian assistance mula sa United Nations at iba pang regional at international organisations.

Una rito, mraming mga residente mula sa North Darfur state ang lumikas patungo sa Marra Mountains region kasunod ng labanan sa pagitan ng Sudanese army at paramilitary group na Rapid Support Forces na nagpwersa sa kanilang lisanin ang kanilang mga tahanan at nagresulta sa kanilang pagka-displace.



MONDAY ENTERTAINMENT

WORD HUNT



FRY
LEELA
TURANGA
BENDER
ZOIDBERG
FARN
SWORTH
AMY
HERMES
NIBBLER
KIF

ZAPP
MOM
CALCULON
CLAMPS
FLEXO
ROBOT DEVIL
ELIZAR
CUBERT
HYPNOTOAD

A	L	I	V	E	D	T	O	B	O	R	R
P	P	A	Z	O	I	D	B	E	R	G	E
E	E	H	E	R	M	E	S	Y	P	M	O
M	O	M	A	L	A	O	X	E	L	F	C
A	M	Y	D	A	O	T	O	N	P	Y	H
C	C	A	L	C	U	L	O	N	R	B	L
E	C	L	A	M	P	S	R	H	A	E	F
E	F	Y	H	R	T	E	F	G	U	M	O
Y	A	M	A	E	D	R	N	F	D	E	K
B	E	Z	N	N	Y	A	A	P	H	U	I
A	L	E	E	L	R	P	Z	Y	E	B	F
E	H	B	E	U	R	E	L	B	B	I	N
R	Y	R	T	C	U	B	E	R	T	H	U
L	T	F	A	R	N	S	W	O	R	T	H

Pacquiao bali na full-time boxing – Gibbons



Tuluyan ng bumabalik sa full-time boxing si Hall of Famer Manny Pacquiao. Ito ang ibinunyag ni MP Promotions head Sean Gibbons kung saan bukod sa pagiging boxer ay gagawa rin ito ng TV program na magsusulong ng sport sa US. Inaasahan rin na makakaharap ng 46-anyos na si Pacquiao si WBA welterweight champion Rolly Romero na maaring ganapin sa Las Vegas sa Disyembre. Ang 29-anyos na si Romero nanaing professional boxer noong 2016 ay mayroong record na 17 panalo at dalawang talo na mayroong 13 knockouts. Magunitang noong Hulyo ay nagresulta sa draw ang laban ni Pacquiao kay WBC titlist Mario Barrios kung saan sinabi ni Gibbons na hindi na nila prioridad ang magkaroon pa ng rematch.

Tennis legend Daniil Medvedev, iniwan na ang kaniyang longtime coach



Tuluyan nang iniwan ng tennis legend na si Daniil Medvedev ang kaniyang longtime coach na si Gilles Cervara.

British boxer Joe Bugner pumanaw na, 75

Pumanaw na si British boxer Joe Bugner sa edad na 75.

Kinumpirma ng British Boxing Board of Control ang pagpaway ni Bugner sa bahay nito sa Brisbane, Australia.

Isinilang si Bugner sa Hungary subalit lumipat sila sa England noong ito ay edad anim pa lamang.

Nagsimula ito ng magiging professional boxer noong 1967 sa edad na 17.


Naging British at European boxing champion ito noong 1970.

Kapwa rin itong natalo sa 12-round decision kay Muhammad Ali at Joe Frazier.

Nagkaroon ito ng career comeback noong 1995 at nagwagi ng Australian heavyweight title sa edad na 45.

Mayroon itong kabuuang record na 69 panalo, 13 talo at isang draw na mayroong 41 knockouts.

Nakasama rin ito sa pelikulang "Street Fighter" na pinagbidahan noon ni Jean-Claude Van Damme at ang series na Italian movie na "Bud Spencer".



NO. VIII

ISSUE NO. 06

SEPTEMBER 08 - 14, 2025

₱ 15.00

Jordan Clarkson, todo-suporta sa kapwa atletang si tennis star Leylah Fernandez sa US Open

Kung saan matagumpay na naipanalit ni Fernandez ang unang round laban kay Rebecca Marino, 6-2, 6-1. Matapos ang laban, ibinahagi niya sa Instagram ang litrato nila ni Clarkson at sinabing, "Great meeting you yesterday!" Bukod kay Fernandez, pinuri rin ni Clarkson ang tagumpay ng Filipina tennis prodigy na si Alex Eala, na

gumawa ng kasaysayan bilang kauna-kunahang Filipina na nanalo sa US Open main draw matapos talunin si Clara Tauson ng Denmark.

Hindi ito ang unang pagkakataon na sinuportahan ni Clarkson si Fernandez—noong nakaraang buwan ay napanood din siyang nasa player's box ni Fernandez sa Wimbledon.

Ikinatuwa naman ni Fernandez ang pagkakaroon ng koneksyon sa kapwa atleta na may dugong Filipino tulad nina Clarkson at Eala, at sinabi niyang may mutual respect sila ni Eala tuwing sila'y nagkikita. Philippine products

Samantala parchong umabante sa ikalawang round ng US Open sina Fernandez at Eala.



Ipinakita muli ni Filipino-American NBA star Jordan Clarkson ang kanyang suporta sa kapwa atletang may dugong Pinoy ng nanood siya sa laban ni Filipino-Canadian tennis star Leylah Fernandez sa US Open sa New York.

Georgia, itinumba ang defending champion sa EuroBasket 2025

Pinatob ng Team Georgia ang defending champion na Spain sa nagpapatuloy na EuroBasket 2025.

Ibinulsa ng Georgia ang 14-point lead sa pagtatapos ng laban, 83-69, sa pangunguna ni Toronto Raptors forward Sandro Mamukelashvili.

Gumawa si Mamukelashvili ng all-around performance: 19 points, 7 rebounds, at anim na assists. Nagdagdag naman ng 12 points ang shooter na si Kamar Baldwin, kasama ang isang 3-pointer, ilang segundo bago matapos

ang 4th quarter.

Sa tindi ng depensa ng Georgia, hindi nakapalag ang Spain lalo na sa paint area.

Kumamada kasi ang Georgia ng kabuuang 46 rebounds habang tanging 29 lamang ang naisagot ng Spain.

Maging sa free throw line ay below-50% ang nairehistro ng koponan kung saan sa 13 free throws na iginawad sa koponan, anim lamang ang nagawa nitong ipasok.

Para sa Spain, nanguna ang dating NBA player na si Juancho Hernangómez na nagbulsa ng 13 points.

Kasunod ng panalo, hawak na ng Georgia ang 1-1 win-loss record habang wala pang naipapanalang laban ang defending champion at tanging ang isang pagkatalo.



Alex Eala nakatuon na ang atensyon sa ibang torneo matapos ang US Open

May mga nakapilang torneo pa na lalahukan si Pinay tennis sensation Alex Eala.

Ito ay matapos ang kauna-unahan niyang paglalaro sa US Open nitong nakaraang linggo kung saan umabot siya ng hanggang ikalawang round.

Nagpapasalamat si Eala sa mga fans na sumuporta sa kaniya lalo na ang mga nanood ng kaniyang laro sa New

York. Marami aniya siyang natutunan na mga aral mula sa pagkatalo na kaniyang gagawin sa mga torneo na lalahukan.

Magunitang umukit ng kasaysayan si Eala matapos ang tagumpay nito sa unang round laban kay World Number 15 na si Clara Tauson.

Subalit pagdating ng ikalawang round ay nabigo na ito



kay Cristina Bucsa ng Spain. Nakatuon ngayon ito sa pagsali sa Guadalajara Open Akron sa Mexico at Sao Paulo Open sa Brazil.

Pagkatapos noon ay sasabak din ito sa mga torneo sa Beijing, Wuhan at Hong Kong at posible sa Japan bago ang pagbandera niya sa Southeast Asian Games sa buwan ng Disyembre.

Jeremy Lin tuluyan ng nagretiro sa pagbabasketball

Sa kaniyang social media account ay isinagawa nito ang anunsyo kung saan naging mahirap sa kaniya ang desisyon.

Sinabi nito na natupad niya ang pangarap niya noong bata pa na makapaglaro sa harap ng mga fans.

Naglaro ng siyam na taon sa NBA si Lin hanggang noong 2010 ay naging undrafted ito.

Naging rookie siya sa Golden State Warriors sa loob ng 29 na laro.

Subalit sumikat ito sa

MMA fighter Denice Zamboanga, umatras sa nakatakdang laban sa Japan



Umatras si Pinay mixed martial arts (MMA) fighter Denice Zamboanga ONE 173 na gaganapin sa buwan ng Nobyembre.

Makakaharap sana nito si Ayaka Miura sa laban na gaganapin sa Tokyo, Japan.

Sa social media account nito, sinabi niyang may dinaramdam ito at hindi na ito

nagbigay pa ng ibang mga detalye.

Dagdag pa nito na naging mabigat ang desisyon at humingi ito ng pang-unawa sa mga fans.

Tiniyak niya na magiging mas mabangis pa ang muli niyang pagbabalik dahil sa pagmamahal niya sa sports.